

Gabay ng Pasyente: Paghahanda para sa iyong Operasyon/Procedure A Patient's Guide: Preparing for Your Surgery/Procedure (Tagalog)

Welcome sa Swedish. Malugod kaming umaasa na mabigyan ka ng pinakamahusay na pangangalaga. Layunin naming tiyaking mahusay sa bawat paraan ang iyong buong karanasan sa Swedish.

Nakaiskedyul ang iyong operasyon/procedure sa sumusunod na lokasyon:

<input type="checkbox"/> Ballard campus	206-781-6245
<input type="checkbox"/> Cherry Hill campus	206-215-3200
<input type="checkbox"/> First Hill campus	206-215-3200
<input type="checkbox"/> Orthopedic Institute	206-215-3200
<input type="checkbox"/> Issaquah campus	425-313-7000
<input type="checkbox"/> Edmonds campus	425-640-4220

Toll-free (walang bayad) para sa lahat ng campus: 866-851-5111

Para lamang sa paggamit ng pasyente:

Petsa/oras ng Check-in

Petsa/oras ng Operasyon

Hakbang 1: Paano maghanda para sa operasyon

Upang kumpletuhin ang pre-registration, at para magpaiskedyul ng klinikal na pagtatasa para sa preadmission, tumawag sa lokasyon ng Swedish (nasa itaas ang mga numero) kung saan gaganapin ang iyong operasyon/procedure. Tumawag kaagad, kapag na-kumpirma ang petsa ng iyong operasyon/procedure. Maaaring kumpletuhin ang pre-registration kapag tumawag. Maaari ka rin makatanggap ng awtomatikong mensahe ng boses na humihiling na tumawag kang muli para kumpletuhin ang pre-registration. Mangyaring tumawag kaagad hangga't maaari.

Edmonds campus: Tatawag sa iyo ng direkta ang isang nurse mula sa Edmonds sa loob ng pitong araw bago ang iyong procedure. Hindi mo sila kailangan tawagan.

- Ihanda ang iyong card at impormasyon sa insurance. Isasagawa ang pre-registration, at ililipat para sa pagsasagawa ng appointment para sa preadmission.

Mangyaring kumpletuhin ang sumusunod:

- Kapag na-kumpirma at nakumpleto na ang iyong appointment bago ang operasyon/procedure, pumunta sa iyong surgeon o pangunahing doktor. Ito ay kailangang gawin.
- Kumpletuhin ang mga pagsusuri sa lab alinsunod sa utos ng iyong doktor.

Mangyaring ipagbigay-alam sa iyong surgeon ang anumang mga sumusunod na angkop sa iyo:

- Pamamahala ng sakit (pain management) — Maging handa sa pakikipag-usap sa iyong surgeon kung paano mo gustong pamahalaan ang sakit na mararamdaman pagkatapos ng operasyon. Ipaalam sa kanya ang anumang allergy/pagkaselan o mga sensitibilidad sa opioid.
 - Kung ikaw ay ipapasok sa isang inpatient unit pagkatapos ng operasyon, mangyaring magtanong at makipag-usap tungkol sa iba't-ibang uri ng pamamahala ng sakit na available para sa iyo.
 - Kung ikaw ay uuwi pagkatapos ng operasyon, mangyaring makipag-usap tungkol sa maaaring ireseta para sa pamamahala ng sakit.
- Mga problema sa puso — mag-iskedyul ng appointment sa iyong cardiologist upang matiyak na nasa pinakamainam na kondisyon ang iyong puso para sa operasyon.
- Kasaysayan ng anemia o mababang bilang ng dugo (low blood count) — mangyaring ipagbigay-alam sa iyong surgeon. Maaari ka niyang papuntahin sa aming anemia management clinic, na nasa First Hill campus. Maaari kang i-refer muli ng ibang mga campus sa iyong pangunahing doktor.
- Pacemaker o itinanim na defibrillator, deep brain stimulator, spinal cord stimulator o iba pang (mga) itinanim na aparato.
- Tulong sa pakikipag-ugnayan — Mayroon kaming available na mga interpreter, pantulong na device at materyales na malaki ang print.
- Kung mayroon kang anumang paulit-ulit na impeksiyon (chronic infections).
- Kamakailang mga pagbisita sa ER o pagkaospital.



SWEDISH

Extraordinary care. Extraordinary caring.™

Hakbang 2: Appointment para sa preadmission

Importanteng parte ang anesthesia sa iyong karanasan sa operasyon. Mangyari lamang na, kung hindi pa ito nagagawa, kumuha ng appointment sa klinika ng preadmission. Ang appointment ay isang 30-45 minutong tawag sa telepono kung saan susuriin ng isang rehistradong nurse ang iyong kasaysayang pangkalusugan at mga gamot, at magbibigay-alam sa iyo kung paano maghanda para sa iyong operasyon/procedure.

Edmonds campus: Makakatanggap ka ng tawag sa telepono mula sa Swedish Edmonds Preadmission Clinic isang linggo bago ang petsa ng iyong operasyon. Kung nakatanggap ka ng mensahe mula sa Swedish, mangyaring tumawag kaagad hangga't maaari.

Kakailanganin mo ang mga sumusunod para sa appointment na ito:

- Listahan ng iyong mga gamot at dosis
- Pangalan at numero ng telepono ng iyong doktor ng pamilya
- Listahan ng iyong mga nakaraang operasyon at kasalukuyang kondisyon
- Mga report at mga petsa kung saan nagsagawa ng anumang pagsusuri sa puso o baga

Hindi mo makakausap ang iyong anesthesiologist sa appointment na ito, ngunit magkakaroon ka ng oras upang talakayin ang lahat ng alalahanin tungkol sa anesthesia sa araw ng operasyon sa iyong nakatalagang anesthesiologist. Ihanda ang anumang tanong na mayroon ka.

Kung nakaligtan mo ang naka-iskedyul na appointment ng preadmission, o kung ikaw ay mahigit na 10 minutong nahuli para sa iyong appointment ng preadmission, kailangan mong tumawag upang magpaiskedyul muli. Tumawag sa mga numero sa ibaba:

First Hill, Cherry Hill at SOI: 206-386-2314 • Ballard: 206-781-6245 • Issaquah: 425-313-7000

Kung hindi mo nasagot ang iyong preadmission na pagtawag sa Edmonds, mangyaring tumawag sa numero ng Edmonds: 425-640-4146

Hakbang 3: Pangangasiwa ng iyong mga gamot para sa operasyon

Mangyaring makipagtulungan sa iyong doktor upang sagutan ang iyong sheet ng gamot na nasa susunod na pahina.

Mga pampanipis ng dugo o mga gamot na anti-coagulant (Sinusunod namin ang mga rekomendasyon ng American Society of Regional Anesthesia.)

Mga halimbawa: Aspirin, Warfarin (Coumadin), Plavix, Pradaxa, Xarelto o Eliquis

Magtanong sa doktor na nagreseta ng iyong (mga) gamot para sa pampanipis ng dugo kung kailan ito ititigil bago ang iyong nakaiskedyul na operasyon/procedure.

Ang mga sumusunod ay mga pangunahing tagubilin kung kailan ititigil ang mga partikular na gamot, ngunit sundin ang mga tagubilin ng iyong doktor kung anong mga gamot ang ititigil at kung kailan ito ititigil.

- **Dalawang linggo bago ang iyong procedure**
 - Ihinto ang pag-inom ng lahat ng herbal supplement

- **Tatlong araw bago ang iyong procedure**

- Ihinto ang pag-inom ng lahat ng nonsteroidal, anti-inflammatory na gamot (NSAIDS) gaya ng:

- Diclofenac (Voltaren)
- Ibuprofen (Advil, Motrin)
- Ketorlac (Toradol)
- Meloxicam (Mobic)
- Naproxen (Aleve, Anaprox, Naprosyn)

- **24 na oras bago ang operasyon**

- Itigil ang pag-inom ng Metformin (tingnan ang seksyon sa diabetes)

- **Sa umaga ng iyong operasyon o procedure**

- Inumin ang mga iniresetang gamot na ibiniling ipagpatuloy ng iyong doktor, kabilang ang narcotic na gamot.

- Inumin ang iyong Beta Blocker (pampababa ng mataas na presyon ng dugo) (Metoprolol)

- Huwag inumin ang mga sumusunod na gamot para sa mataas na presyon ng dugo sa umaga ng operasyon:

- Lisinopril o Losartan

- Huwag uminom ng anumang diuretic sa umaga ng operasyon, tulad ng Lasix, ngunit kung mayroon kang paghina ng puso (heart failure) mangyaring magtanong muna sa iyong cardiologist.

Ang nasa itaas ay naglalarawan ng mga pangunahing tagubilin kung kailan ititigil ang mga partikular na gamot, ngunit sundin ang mga tagubilin ng iyong doktor kung anong mga gamot ang ititigil at kung kailan ito ititigil.

Worksheet ng Gamot

(Mangyaring suriin ang worksheet na ito kasama ang iyong provider sa pangangalagang pangkalusugan)

Kung gumagamit ka ng mga sumusunod na gamot, tanungin ang iyong doktor kung kailan mo ito kailangan itigil:

- Aspirin ITIGIL _____ (na) araw bago ang operasyon
- Mga pampanipis ng dugo _____ ITIGIL _____ (na) araw bago ang operasyon
- Mga herbal at supplement ITIGIL 14 na araw bago ang operasyon
- Metformin ITIGIL 1 araw bago ang operasyon
- Mga Ace-inhibitor o ARB _____ ITIGIL 1 araw bago ang operasyon
(gamot para sa mataas na presyon ng dugo)
- Mga Diuretic (pampaihi)* _____ ITIGIL 1 araw bago ang operasyon
- NSAIDS ITIGIL 3 araw bago ang operasyon
- Ibang mga gamot:

_____ ITIGIL _____ (na) araw bago ang operasyon
 _____ ITIGIL _____ (na) araw bago ang operasyon
 _____ ITIGIL _____ (na) araw bago ang operasyon
 _____ ITIGIL _____ (na) araw bago ang operasyon

Mga gamot na itutuloy hanggang sa umaga ng operasyon kasabay ang pag-inom ng kaunting tubig

- Mga beta blocker (isang uri ng pampababa ng mataas na presyon ng dugo) _____ inumin sa umaga ng operasyon
- Mga Gamot sa Pananakit _____ inumin sa umaga ng operasyon
- Mga gamot sa asthma/COPD _____ inumin sa umaga ng operasyon
- Thyroid hormone _____ inumin sa umaga ng operasyon
- Mga gamot laban sa kombulsyon (anti-seizure) _____ inumin sa umaga ng operasyon
- Mga calcium channel blocker (isang uri ng pampababa ng mataas na presyon ng dugo) _____ inumin sa umaga ng operasyon
- Ibang mga gamot _____ inumin sa umaga ng operasyon

Mga gamot para sa diabetes at insulin (tanungin ang iyong doktor kung ito ay OK).

Inumin ang iyong karaniwang dosis ng insulin sa gabi bago ang operasyon

Sa umaga ng operasyon

- Mga gamot na oral (iniinom) para sa diabetes: HUWAG inumin sa umaga ng operasyon
- Lantus/glargine, Levemir/detemir: Inumin ang ½ ng karaniwang dosis sa umaga ng operasyon
- NPH insulin: Inumin ang ½ ng karaniwang dosis sa umaga ng operasyon
- Novolog/aspart, Humalog/lispro, Apidra/glulisine): HUWAG inumin sa umaga ng operasyon
- Pinaghalong insulin (70/30, 75/25): HUWAG inumin sa umaga ng operasyon
- Insulin pump: Panatilihin ang basal rate at pangkaraniwan na antas
- Iba pang mga tagubilin: _____

* Ang mga pasyenteng mayroong congestive heart failure (CHF) ay kinakailangang patuloy na uminom ng mga diuretic, digoxin at mga ace inhibitor bago ang operasyon. Tanungin ang iyong cardiologist para sa mga tagubilin.

Hakbang 4: 24 na oras bago ang iyong operasyon/procedure

Anong oras ako dapat dumating para sa operasyon?

- **Mga lokasyon ng First Hill, Cherry Hill, SOI at Edmonds:** Tatawagan ka ng opisina ng iyong surgeon kung anong oras ka darating sa ospital, na humigit-kumulang dalawang oras bago ang iyong naka-iskedyul na oras ng operasyon. Mangyaring tawagan ang opisina ng iyong surgeon isang araw bago ang iyong operasyon/procedure kung hindi ka pa nasasabihan kung anong oras na dapat dumating sa ospital.
- **Lokasyon ng Issaquah:** Ipapaalam sa iyo kung anong oras ka dapat dumating, isang araw ng negosyo bago ang iyong operasyon.
- **Lokasyon ng Ballard:** Ipapaalam sa iyo kung anong oras ka dapat dumating, dalawang araw ng negosyo bago ang iyong operasyon.

Paano kung masama ang aking pakiramdam bago o sa umaga ng aking operasyon?

- Tawagan ang iyong surgeon kung nagkaroon ka ng sipon, pananakit ng lalamunan, ubo, lagnat, impeksiyon sa balat, bukas na sugat o kagat o ibang sakit, isang araw bago ang iyong operasyon.

Mga pagligo para sa pag-iwas sa impeksiyon/bago ang operasyon: Bago ang iyong operasyon, dapat maligo gamit ang espesyal na antiseptic na sabon upang mabawasan ang posibilidad na makakuha ka ng impeksiyon. Dahil hindi sterile ang balat at may mga mikrobyo, makakatulong ang isang espesyal na

sabon, na tinatawag na chlorhexidine gluconate (CHG, “Hibiclens”) upang makatulong sa paglinis ng iyong balat at mabawasan ang mga mikrobyo. Ito rin ay isang mungkahi mula sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC). Dapat na maligo ka gamit ang antiseptic na sabong ito sa gabi bago ang iyong operasyon, at sa umaga bago ang iyong operasyon.

- Sundin ng mabuti ang mga tagubiling ito upang lubos na mabawasan ang panganib na magkaroon ng impeksiyon ang bahagi ng operasyon/procedure.
 - **72 oras bago ang operasyon:** HUWAG mag-ahit sa parte ng iyong katawan kung saan isasagawa ang operasyon/procedure.
 - **24 na oras bago ang operasyon:** HUWAG mag-ahit sa parte ng iyong katawan sa loob ng 24 na oras bago ang operasyon/procedure. Maaaring mairita ang iyong balat at mas madaling magkaroon ng impeksiyon, kung mag-aahit gamit ang razor.
 - Maliligo ka ng dalawang beses sa bahay para sa espesyal na shower bago ang operasyon: Shower #1 sa gabi bago ang operasyon at shower #2 sa umaga ng operasyon (susunod ang detalyadong tagubilin sa pagligo).
 - Sa araw ng operasyon, tutulungan ka ng isang nurse para sa mga karagdagang proseso ng paglilinis upang higit pang mabawasan ang mga panganib sa pagkakaroon ng impeksiyon. Lilinisin namin ang iyong katawan gamit ang antiseptic wipes mula leeg hanggang daliri sa paa upang tanggalin ang mga mikrobyo.

MGA HAKBANG SA PAGLIGO


Maliligo ka ng dalawang beses sa bahay para sa espesyal na shower bago ang operasyon: shower #1 sa gabi bago ang operasyon at shower #2 sa umaga ng operasyon.




Sa bawat pagligo, kakailanganin mo ng malinis na tela at tuwalya, at ang iyong chlorhexidine gluconate (CHG, Hibiclens) na antiseptic na sabon. Maghanda rin ng bago, at malinis na damit o pajama na isusuot pagkatapos.



Tanggalin ang lahat ng alahas. Hugasan ang iyong mukha at buhok tulad ng nakagawian gamit ang regular na sabon at shampoo. Banlawan ng maigi ang shampoo at sabon mula sa iyong buhok at katawan.



Itigil ang tulo ng tubig.



Ilagay ang chlorhexidine (Hibiclens) na sabon sa malinis na telang pamunas at hugasan ang iyong katawan sa pagkakasunud-sunod na ito:

1. Leeg
2. Dibdib at tiyan
3. Mga braso (magsimula sa balikat hanggang sa mga daliri)
4. Kili-kili


5. Hita (magsimula sa hita hanggang sa mga daliri sa paa)
6. Likod (mula batok hanggang baywang)
7. Balakang at singit (magsimula sa balakang, hanggang sa singit). Hugasan ng maigi ang mga tupi sa mga bahagi ng singit. Huwag ilagay ang sabon sa ari o mukha.
8. Puwitan




Pagkatapos hugasan ang lahat ng bahagi, maghintay ng 2 minuto bago magbanlaw.



Buksan ang shower at magbanlaw nang maigi. Huwag muling maghilamos gamit ang karaniwang sabon.



Patuyuin ang balat gamit ang bago at malinis na tuwalya. **HUWAG** maglagay ng makeup, pabango, cologne, mga lotion, pulbos, cream, nail polish, produkto sa buhok o deodorant pagkatapos maligo.



Pinakamainam na matulog sa malinis na higaan sa gabi bago ang iyong operasyon/mga procedure.

Hakbang 5: Ano ang gagawin sa araw ng iyong operasyon/procedure

Sundin ang mga tagubilin bago ang operasyon/procedure tungkol sa iyong diet, mga gamot at mga pagligo bago ang operasyon.

Kung hindi mo sinunod ang mga tagubilin ito, maaaring maantala o makansela ang iyong operasyon/procedure.

Kailan ang huling beses kong pwedeng kumain o uminom bago ang operasyon?

- Maliban kung ibinilin ng iyong doktor, dapat mong sundin ang mga tagubilin na ito tungkol sa dapat kainin bago ang iyong operasyon o procedure.
- Kung sinabihan ka ng iyong doktor na uminom ng inumin na mayaman sa carbohydrate (carbohydrate-rich drink), mangyaring inumin ito **dalawa't kalahating oras** bago ka dumating sa ospital. **ITIGIL ang pag-inom ng lahat ng likido dalawang oras bago ang iyong naka-iskedyul na oras ng pagdating.**

MAHALAGA

8 oras bago dumating	<p>IHINTO ang pagkain ng lahat ng solidong pagkain at pag-inom ng mga likidong hindi gaanong malinaw, kasama ang mga sumusunod:</p> <p>BAWAL ang gatas o mga produktong may gatas</p> <p>BAWAL ang coffee creamer</p> <p>BAWAL ang chewing gum</p> <p>BAWAL ang mga lozeng</p> <p>BAWAL ang alak</p> <p>Maaari kang uminom ng malilina na likido, gaya ng tubig, Gatorade, plain gelatin, apple juice na walang pulp, malinaw na tsaa o kapeng itim.</p>
2 oras bago dumating	<p>IHINTO ang pag-inom ng lahat ng likido maliban sa mga gamot, alinsunod sa tagubilin ng iyong doktor.</p>

Mga Pagbubukod: Para sa mga pasyenteng may gastroparesis, diabetes, GERD, buntis, obese o magsasagawa ng operasyong esophageal o gastric, mangyaring tanungin ang iyong surgeon. Maaari nilang ipatigil ang pag-inom ng lahat ng likido at mga solido 8 oras bago dumating.

Maaari kang uminom ng kaunting tubig kasabay ng mga gamot na ibinilin sa iyong inumin sa umaga bago ang operasyon.

Ang huling oras na maari akong kumain ng mga solidong pagkain ay _____

Ang huling oras na maari akong uminom ng mga likido ay _____

Kung mayroon kang diabetes, sumangguni sa pahina 7 ng booklet na ito.

Anong kailangan kong dalhin sa ospital?

- Magsuot ng maluwag at kumportableng mga damit at sapatos.
- Ang iyong mga card sa medical at pharmacy insurance, isang ID na may larawan na ibinigay ng gobyerno o estado, at ang ID card para sa anumang naka-implant na medikal na aparatong maaaring mayroon ka.
- Magdala ng pera para sa pagparada at mga posibleng discharge medication co-payment, na hiwalay sa singil sa ospital. **Iwanan ang lahat ng iba pang mahahalagang gamit sa bahay, tulad ng mga credit card, sobrang pera, alahas at elektronik na aparato gaya ng mga cell phone, computer, aparato para sa pagbabasa at paglalaro.**
- Kung magdadala ka ng mga mahahalagang bagay, ibabalik ito sa iyong pamilya at/o bisita para sa seguridad nito. Hindi responsable ang Swedish sa mga nawalang mga bagay, kasama dito ang mga gamot.
- **Dalhin ang iyong CPAP machine at tala ng iyong mga setting.**
- Dalhin ang anumang legal na dokumentasyon para sa kapangyarihan ng abogado (power of attorney) o legal na tagapangalaga.
- Dalhin ang iyong Mga Paunang Pahintulot.

 Kailan ko makikilala ang aking anesthesiologist?

- Sa araw ng iyong operasyon/procedure, makikilala mo ang iyong provider (tagabigay) ng anesthesia na siyang magsusuri sa iyong talaang medikal, maglilinaw sa anumang mga tanong tungkol sa iyong kasaysayang medikal at magsasagawa ng pisikal na pagsusuri. Maging handa na magtanong ng anumang mga tanong na mayroon ka, pag-usapan ang pangangalaga tungkol sa iyong anesthesia habang isinasagawa ang operasyon at pag-usapan ang anumang mga posibleng panganib, pakinabang o kawalan sa pagkakaroon ng anesthesia.

 Mataas na antas ng asukal sa dugo – Bakit sinusuri ang glucose sa aking dugo?

- Ang stress nang dahil sa operasyon at pagiging nasa ospital ay maaaring magdulot ng mataas na antas ng asukal sa dugo sa mga taong may diabetes at kahit sa mga taong walang diabetes.

- Napakahalaga na magkaroon ng kontrol sa antas ng asukal sa iyong dugo bago, habang at pagkatapos ng operasyon, samakatuwid, maaari kang tumanggap ng pagsusuri sa antas ng asukal sa dugo sa preoperative area bago bumalik para sa iyong operasyon/procedure.
- Nagbibigay daan ang maayos na mga antas ng asukal sa dugo sa mas maayos na paggaling at makakatulong ito upang maiwasan ang impeksiyon. Dahil napakahalaga nito, maaari kang bigyan ng insulin habang naka-admit ka.
- Kung binibigyan ka ng insulin habang nasa proseso ng pag-admit, hindi ito nangangahulugan na kakailanganin mo ito pagkatapos pauwiin mula sa ospital, o na may diabetes ka. Nangangahulugan lamang ito na masyadong mataas ang antas ng iyong asukal sa dugo upang maghilom ang mga sugat.
- Kung mayroon kang diabetes at sinabihan ka na uminom ng inumin na mayaman sa carbohydrate (carbohydrate-rich drink) dalawa't kalahating oras bago ka dumating sa ospital, mangyaring tiyakin na ginawa ito. Kung karaniwan kang umiinom ng rapid-acting na insulin kasabay ng mga pagkain, uminom ng kalahati ng iyong karaniwang dosis na iinumina para sa oras ng pagkain o para sa 60 grams ng carbohydrate. **ITIGIL ang pag-inom ng lahat ng likido dalawang oras bago ang iyong naka-iskedyul na oras ng pagdating.**

 Mayroon akong insulin pump.

- Palitan ang iyong set at site sa araw bago ang operasyon. Hindi ito dapat ginagawa bago matulog ngunit dapat gawin nang mas maaga upang matiyak na maayos ang pagsalin.
- Hayaang nakatakda ang pump sa karaniwan mong basal rate at patuloy itong isuot.
- Magdala ng anumang supply ng insulin pump, kabilang ang insulin, sa ospital kung sakaling kailangan mong baguhin ang set habang nasa ospital. Magandang ideya rin kung magdadala ng case, lalagyan o pouch upang may mapaglagyan ng iyong pump kung kailangan itong alisin bago, habang o pagkatapos ng operasyon.
- Inirerekomenda na may kasama kang miyembro ng pamilya o kaibigan na hahawak sa iyong pump kung kailangan mo itong alisin.

Hakbang 6: Mga bagay na dapat malaman tungkol sa pananatili sa ospital

- Ang pinakamahasag na paraan upang maiwasan ang mga impeksiyon ay ang malilinis na mga kamay.**
- Mangyaring gumamit ng alcohol hand rub gel at/o sabon at tubig. Sabihan rin ang iyong mga bisita na gawin ito. Mangyaring madalas na linisin ang iyong mga kamay.
 - Inaasahan ang lahat ng caregiver ng Swedish na linisin ang kanilang mga kamay bago ka pangalagaan. Inaanyayahan namin kayo — **ayos lamang na magtanong sa iyong provider ng pangangalangang pangkalusugan**, tulad ng:
 - "Hindi kita nakita na maghugas ng kamay noong pumasok ka; puwede ba na maghugas kang muli ng kamay bago tumuloy sa pagbibigay ng pangangalaga sa akin?"
 - "Nag-aalala ako sa mga mikrobyo na kumakalat sa ospital. Maaari mo bang linisin muli ang iyong mga kamay?"
 - **Sabihan ang iyong mga mahal sa buhay na maglinis din ng kanilang mga kamay:** "Nakita ko kanina na naghugas ka ng kamay sa iyong pagdating, ngunit maaari bang maghugas ka ulit?"
 - Mangyaring ipaalala sa iyong pamilya at mga kaibigan na huwag kang bisitahin o puntahan kung mayroon silang lagnat, ubo, sipon o diarrhea para higit na mapigilan ang pagkalat ng impeksiyon.
- Sino ang maaaring sumama sa akin sa lugar na pinapanatilihan bago ang operasyon?**
- Maaaring magsama ang mga pasyenteng nasa hustong gulang ng tig-isang tao lang sa lugar na pinapanatilihan bago ang operasyon. Ang mga pasyenteng wala pang 18 taong gulang ay maaaring samahan ng dalawang taong nasa hustong gulang. Ang mga anak ng mga pasyente o kapatid ng mga pasyente ay hindi maaaring iwanan ng walang bantay at hindi maaaring pumasok sa mga lugar sa pag-aalaga ng pasyente o palaruan ng batang pasyente.
- Ano ang mangyayari sa pagpapagaling mula sa operasyon/procedure?**
- Mayroong information desk na may staff at malalaking TV monitor sa waiting area para sa pamilya. Bibigyan namin ang iyong pamilya o ang tao na sumusuporta sa iyo ng isang kumpidensiyal na numero. Titingnan nila ang numerong ito sa TV monitor para makita ang iyong progreso. Ipinapakita nito kapag nasimulan na ang operasyon, kapag tapos na, at kapag ikaw ay nasa recovery room na.
- Maaari ba akong tumanggap ng mga bisita habang ako ay nasa ospital?**
- Ang mga pasyente ang pangunahin naming prioridad sa Swedish. Alam namin na makakatulong kung bibisitahin ka sa ospital ng mga kapamilya at kaibigan.
 - Minsan ay maaari naming limitahin ang bilang ng mga tao, o kung gaano katagal maaaring manatili ang mga bisita kung kailangan mo ng pahinga, o kung may kasama kang ibang pasyente sa kwarto.
 - Hihilingin sa mga pamilya at kaibigan na planuhin ang mga pagbisita nang sa gayon ay hindi sa pareparehong oras bibisita ang lahat.
 - Para sa kaligtasan ng aming mga pasyente, bisita at tauhan, bibigyan ng pansamantalang badge ang mga bisitang pupunta sa ospital pagkatapos ng 9 p.m. o bago mag-5 a.m.
 - Mangyaring hilingin sa nurse sa unit na tulungan ang iyong bisita na makakuha ng ID badge. Maaaring pigilan ang iyong mga bisita kung wala silang badge.
- Mayroon akong nagseserbisyong hayop.**
- Hindi pinapahintulutan ang staff ng Swedish na magbigay ng pangangalaga para sa iyong nagseserbisyong hayop habang isinasagawa ang iyong operasyon/procedure.
 - Mangyaring gawan ng paraan upang maalagaan ng iyong miyembro ng pamilya o kaibigan ang iyong nagseserbisyong hayop sa panahong ito.
- Gumagamit ako ng mga produkto ng tabako.**
- Ipinagmamalaking sabihin ng Swedish na bawal manigarilyo at gumamit ng tabako sa lahat ng mga campus at mga outpatient na klinika.
 - Kasama sa pagbabawal ng paninigarilyo at paggamit ng tabako ang paggamit ng mga electronic cigarette (paggamit ng vape) o anumang katulad na aparato, gayundin ng mga produkto ng nginunguyang tabako.
 - Habang ikaw ay nasa ospital, maaari kaming mag-alok ng mga nicotine replacement therapy; nakahanda ang mga ito at sisingilin bilang bahagi ng mga benepisyo ng iyong insurance.
 - Dapat lumabas sa pag-aari ng Swedish ang mga bisita na nais manigarilyo. Pakitandaan: hindi rin maaaring manigarilyo sa mga garahe ng paradaran.
 - May sinusuportahang programa ang Swedish upang matulungan ka o ang iyong mga kaibigan, pamilya o bisita na tumigil sa paninigarilyo. Kung gusto mo ng impormasyon tungkol sa programa, tumawag sa 1-800-QUIT-NOW.

Hakbang 7: Pagpaplano para sa iyong pag-uwi

- Mangyaring magplano ng iyong mga kakailanganin sa paglabas kasama ang pamilya at/o mga kaibigan bago ang iyong operasyon/procedure.**
 - Kung ikaw ay nakaiskedyul na umuwi sa parehong araw ng iyong operasyon, **KAILANGANG** mayroon kang kasamang nasa hustong gulang na gagabayan ka. Kapag hindi ito nagawa, makakansela ang iyong operasyon/procedure. **HINDI** mo maaaring ipagmaneho ang iyong sarili o magbiyahe pauwi sakay ng bus. Maaari kang sumakay ng taxi o kumuha ng car service ngunit kailangan mo ng kasamang nasa hustong gulang.
 - Kung ipapasok ka ng iyong doktor sa ospital nang magdamagan, planuhing makalabas nang maaga sa susunod na araw, karaniwang nasa bandang 10 a.m. Depende sa iyong procedure, maaaring kailanganin mong magkaroon ng kasamang nasa hustong gulang upang gabayan ka pauwi.
 - Iminumungkahi namin na magkaroon ka ng kasama sa bahay pagkatapos ng iyong operasyon/procedure upang tulungan ka sa pamimili, pag-aalaga ng bata, pagbubuhat, pagluluto, paglilinis, atbp.

Mga direksyon at paradahan

Cherry Hill

500 17th Ave.
Seattle, WA 98122

Mula sa timog: Dumaan sa I-5 pahilaga patungo sa James Street Exit (164A). Kumanan (silangan) sa James Street. Magiging Cherry Street ang James Street. Kumanan (timog) sa 18th Avenue. Kumanan sa Jefferson Street (kanluran). Kumanan sa pangunahing pasukan (hilaga).

Mula sa hilaga: Dumaan sa I-5 patimog patungo sa Labasan ng James Street (165A). Kumaliwa (silangan) sa James Street. Magiging Cherry Street ang James Street. Kumanan (timog) sa 18th Avenue. Kumanan sa Jefferson Street (kanluran). Kumanan sa pangunahing pasukan (hilaga).

Paradahan

May available na panandaliang paradahan sa Plaza Garage. Pumasok mula sa pangunahing driveway. May available na pangmatagalang paradahan sa 16th Avenue Garage, sa 16th Avenue. Mula sa pangunahing pasukan ng ospital, kumanan sa Jefferson Street (kanluran). Kumanan sa 16th Avenue (hilaga). Nasa block sa kaliwa ang garahe.

May available na valet parking sa pangunahing pasukan.

Check-in para sa preadmission at operasyon

Nasa desk para sa pagpaparehistro sa pangunahing lobby ang check in para sa preadmission at operasyon.

First Hill

Main hospital (Pangunahing ospital) Orthopedic Institute
747 Broadway
Seattle, WA 98122

601 Broadway
Seattle, WA 98122

Mula sa hilaga: Dumaan sa I-5 patimog sa James Street Exit (165A). Kumaliwa (silangan) sa James Street.

Mula sa timog: Dumaan sa I-5 pahilaga patungo sa James Street Exit (164A). Kumanan (silangan) sa James Street. Maglakbay ng anim na block patungo sa intersection ng James at Broadway. Kumaliwa (hilaga) sa Broadway. Nasa Broadway ang pasukan ng pangunahing ospital, isa't kalahating block sa kaliwa. Ang pasukan sa Swedish Orthopedic Institute ay nasa Cherry Street, isang block sa kaliwa.

Paradahan


Para sa pangunahing ospital, kumaliwa sa circular drive ng pasukan sa harap at sundan ang mga karatula patungo sa garahe. Para sa Orthopedic Institute, kumaliwa sa Cherry Street; nasa kaliwa ang pasukan ng garahe.

Check-in para sa preadmission


Nasa pangunahing ospital sa desk para sa pagpaparehistro sa lobby sa unang palapag ang check in para sa Preadmission (pangunahin at orthopedic).

Check-in para sa operasyon

- Nasa desk para sa pagpaparehistro sa lobby sa unang palapag ang check in para sa operasyon sa pangunahing ospital.
- Nasa pangalawang palapag ng Orthopedic Institute ang check in para sa operasyon sa Orthopedic Institute.



CHERRY HILL CAMPUS



FIRST HILL CAMPUS

Ballard

5300 Tallman Ave. NW
Seattle, WA 98107

Mula sa hilaga: Dumaan sa I-5 patimog patungo sa 85th Street Exit (172). Kumanan (kanluran) sa 85th Street. Maglakbay ng 30 na block patungo sa panulukan ng 85th at 15th Avenue NW. Kumaliwa (timog) sa 15th Avenue NW. Maglakbay ng 16 na block patungo sa intersection ng 15th Avenue at Market Street. Kumanan (kanluran) sa Market Street. Maglakbay ng tatlong block at kumaliwa (timog) sa Tallman Avenue NW. Kumanan sa pasukan ng garahe ng paradahan.

Mula sa timog: Dumaan sa I-5 pahilaga patungo sa 45th Street Exit (169). Kumaliwa (kanluran) sa 45th Street. (Tandaan: Magiging 46th Street ang 45th Street at pagkatapos ay magiging Market Street.) Maglakbay pakanluran sa Market Street ng 17 block patungo sa intersection ng Market Street at 15th Avenue NW. Tumawid sa 15th Avenue. Maglakbay ng tatlong block at kumaliwa (timog) sa Tallman Avenue NW. Kumanan sa pasukan ng garahe ng paradahan.

Check-in para sa operasyon

Nasa ikatlong palapag ng ospital sa bahaging timog (south wing) ang check in para sa operasyon.

Issaquah

751 NE Blakely Drive
Issaquah, WA 98029


Mula sa silangan o kanluran: Habang naglalakbay pasilangan o pakanluran sa I-90, dumaan sa labasan 18 para sa E. Sunset Way/Highlands Drive.

- **Kung naglalakbay pasilangan,** manatili sa kaliwa sa maghihiwalay na daan at pumasok sa Highlands Drive NE.
- **Kung naglalakbay pakanluran,** kumanan (hilaga) sa Highlands Drive NE/E. Sunset Way; patuloy na sundan ang Highlands Drive NE.


Kumaliwa (kanluran) sa unang ilaw-trapiko sa NE Discovery Drive (492 talampakan). Kumaliwa (timog) sa 8th Avenue NE sa susunod na stop light (humigit-kumulang 500 talampakan). Lakbayin ang 8th Avenue hanggang sa dumating sa pangunahing pasukan ng Swedish Issaquah. Kumanan kaagad upang pumasok sa underground na garahe ng paradahan. May available din na paradahan sa mga lote sa itaas.

Check-in para sa operasyon

Nasa unang palapag ang check in para sa operasyon.



BALLARD CAMPUS



ISSAQUAH CAMPUS

Edmonds

21601 76th Ave. W.
Edmonds, WA 98026



Mula sa timog: Dumaan sa I-5 na pahilaga patungo sa Labasan ng 220th St./Mountlake Terrace (179). Kumaliwa (kanluran) sa 220th St. SW. Kumanan sa Pacific Highway 99. Kumaliwa sa 216th St. SW. Kumaliwa sa unang palatandaan ng paghinto para sa libreng paradahan o dumiretso at kumaliwa para sa babaan ng pasyente malapit sa pangunahing pasukan.

Para sa pang-emergency na pasukan, sundin ang mga parehong direksyon (nasa kaliwa ng pangunahing pasukan ang pang-emergency na pasukan).

Mula sa hilaga: Dumaan sa I-5 na patimog patungo sa Labasan ng 220th St./Mountlake Terrace (179). Kumanan (kanluran) sa 220th St. SW. Kumanan sa Pacific Highway 99. Kumaliwa sa 216th St. SW. Kumaliwa sa unang palatandaan ng paghinto para sa libreng paradahan o dumiretso at kumaliwa para sa babaan ng pasyente malapit sa pangunahing pasukan.

Pagpaparehistro/Check-In

Kakailanganin mong pumasok sa ospital sa pamamagitan ng **pangunahing pasukan (unang palapag)**, na nasa tabi ng Emergency Department at Starbucks. Sa pagpasok sa pasilidad, mangyaring mag-check in sa pagpaparehistro ng pasyente. Kapag nakumpleto na ang pagpaparehistro, ididirekta o dadalhin ka sa lokasyon bago ang procedure/operasyon.



Paunawa sa hindi pandidiskrimina at mga karapatan sa aksesibilidad

Sinusunod namin ang mga naaangkop na pederal na batas sa mga karapatang sibil at hindi kami nandidiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian. Hindi namin ipinagbabawal ang mga tao o tinatrato sila nang iba dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian. Kami ay:

- (1) Nagbibigay ng mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan upang maging epektibo ang kanilang pakikipag-ugnayan sa amin, gaya ng: (a) Mga kwalipikadong interpreter ng wikang pasenyas (sign language); at (b) Nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malaking titik, audio, mga naa-access na elektronikong format, iba pang format).
- (2) Nagbibigay ng libreng serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, gaya ng: (a) Mga kwalipikadong interpreter; at (b) Impormasyong nakasulat sa iba pang wika.

Kung kailangan ninyo ng alinman sa mga serbisyong nakasaad sa itaas, mangyaring makipag-ugnayan sa naaangkop na tagapag-ugnay (coordinator) ng mga karapatang sibil sa ibaba. Kung kailangan ninyo ng mga Serbisyo sa Telecommunications Relay, mangyaring tumawag sa 1-800-833-6384 o 7-1-1.

Kung naniniwala kayong hindi naibigay ng Swedish ang mga serbisyong ito o nandiskrimina ito sa ibang paraan batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian, maaari kayong maghain ng karaingan sa amin sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa tagapag-ugnay ng mga karapatang sibil para sa inyong lokasyon ng serbisyo ayon sa nakalista sa ibaba:

Lokasyon ng serbisyo	Tagapag-ugnay ng mga karapatang sibil
Lahat ng lokasyon maliban sa Swedish Edmonds	Civil rights coordinator, 101 W. 8th Ave., Spokane, WA 99204 Telepono: 1-844-469-1775; Linya ng interpreter: 1-888-311-9127 Email: Nondiscrimination.WA@providence.org
Swedish Edmonds	Civil rights coordinator (Bed Control), 21601 76th Ave. W. Edmonds, WA 98026 Telepono: 1-844-469-1775; Linya ng interpreter: 1-888-311-9178 Email: Nondiscrimination.SHS@providence.org
Mga Serbisyo sa Matatanda	Civil rights coordinator, 2811 S. 102nd St., Suite 220, Tukwila, WA 98168 Telepono: 1-844-469-1775; Linya ng interpreter: 1-888-311-9127; Email: Nondiscrimination.pscs@providence.org

Maaari kayong maghain ng karaingan nang personal o sa pamamagitan ng mail, fax, o email. Kung kailangan ninyo ng tulong sa paghahain ng karaingan, available ang isa sa mga tagapag-ugnay ng mga karapatang sibil na nakalista sa itaas upang tulungan kayo.

Maaari rin kayong maghain ng reklamo hinggil sa mga karapatang sibil sa Department of Health and Human Services ng U.S., Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil, sa elektronikong pamamaraan sa pamamagitan ng Portal sa Pagreklamo ng Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights Complaint Portal), na available sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>, o sa pamamagitan ng mail o telepono sa:

U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Ave. SW
Room 509F, HHH Building
Washington, DC 20201
1-800-368-1019, 800-537-7697 (TDD).

Available ang mga form sa pagrereklamo sa <http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.

We do not discriminate on the basis of race, color, national origin, sex, age, or disability in our health programs and activities.

ATENCIÓN: Si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al 888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (TTY: 711).

注意：如果您講中文，我們可以給您提供免費中文翻譯服務，請致電 888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (TTY: 711)

CHÚ Ý: Nếu bạn nói Tiếng Việt, các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí có sẵn dành cho bạn. Gọi số 888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (TTY: 711).

PAUNAWA: Kung nagsasalita ka ng Tagalog, maaari kang gumamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa 888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (TTY: 711).

주의: 한국어를 사용하시는 경우, 언어 지원 서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다. 888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (TTY: 711) 번으로 전화해 주십시오.

ВНИМАНИЕ: Если вы говорите на русском языке, то вам доступны бесплатные услуги перевода. Звоните 888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (телетайп: 711).

ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ. Եթե խոսում եք հայերեն, ապա ձեզ կարող են տրամադրվել լեզվական աջակցություն անվճար ծառայություններ: Ձանգահարեք 888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (հեռախոսի TTY՝ 711)։

يُرجى الانتباه: إذا كنتم تتكلمون اللغة العربية، فأعلموا أن خدمات المساعدة اللغوية متوفرة مجاناً لكم. اتصلوا برقم الهاتف 888-311-9127 [أو برقم الهاتف 888-311-9178 عند الاتصال بالمركز الطبي السويدي في إدموندز (Swedish Edmonds)] (أو بخط المبرقة الكاتبة TTY لضعاف السمع والنطق على الرقم 711).

توجه: اگر به زبان فارسی صحبت می کنید، تسهیلات زبانی بصورت رایگان برای شما فراهم می باشد. با شماره 888-311-9127 (TTY:711) (Swedish Edmonds 888-311-9178) تماس بگیرید.

注意事項: 日本語を話される場合、無料の言語支援をご利用いただけます。888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (TTY:711)まで、お電話にてご連絡ください。

यिआन यिऒ: ने उर्मी पंजाबी बोलि रे, उं उर्मा यरिँच मररिउर मेरर उररडे लरि मुदर उरिलरि री 888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (TTY: 711) 'उे कल करे

សូមចាំអារម្មណ៍៖ ប្រសិនបើលោកអ្នកនិយាយភាសាខ្មែរ នោះសេវាជំនួយផ្នែកភាសានឹងមានផ្តល់ជូន លោកអ្នក ដោយឥតគិតថ្លៃ។ សូមទូរស័ព្ទទៅលេខ 888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (TTY: 711) ។

ध्यान दें: यदि आप हिंदी बोलते हैं तो आपके लिए मुफ्त में भाषा सहायता सेवाएं उपलब्ध हैं। 888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (TTY: 711) पर कॉल करें।

LUS CEEV: Yog tias koj hais lus Hmoob, koj tuaj yeem siv cov kev pab txhais lus pub dawb. Hu rau 888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (TTY: 711).

โปรดทราบ: หากคุณพูดภาษาไทย คุณสามารถใช้บริการ การความช่วยเหลือทางภาษาได้โดยไม่มีค่าใช้จ่าย โทร 888-311-9127 (Swedish Edmonds 888-311-9178) (TTY: 711)



www.swedish.org